

BARANGAY ASSEMBLY DAY

Magandang umaga sa inyong lahat.

Lubos kong ikinagagalak ang inyong pagdalo sa unang araw ng Barangay Assembly Day 2019 sapagkat ito'y sapat nang patunay na kayo ay handang makialam, makilahok at makiisa sa layunin ng ating pamahalaan na matuldukan ang mga isyu na matagal nang kinahaharap ng ating pamayanan. Kaya bago ang lahat, nais kong ipaabot sa lahat ng naririto, sa mga taga-barangay (Pangalang ng Barangay) at sa mga opisyal, ang aking pagbati at pasasalamat.

Noon pa man, isang na sa mga subok nang instrumento ng mabuting pamamahala ang pagsasagawa ng mga pagpupulong na tulad nito. Naging kaugalian din ng mga unang Pilipino bago pa man dumating ang mga Kastila na magtipun-tipon sa tuwing may mga bagong batas o ordinasang ipatutupad ang kanilang pinuno. Nangyayari rin ito tuwing kailangang pag-usapan at pagpasiyahan ng mga opisyal ng barangay ang mga personal na alitan sa pagitan ng mga miyembro ng komunidad.

Maaalala natin na isinabatas ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte, sa bisa ng Proclamation No. 566, na gawing Barangay Assembly Day ang mga araw ng sabado at linggo sa buong buwan ng Marso at Oktubre. Ang mga araw na ito, ayon sa proklamasyon, ay ilalaan upang mabigyan ang lahat ng pagkakataong maunawaan ang mga suliranin na kinakaharap ng isang komunidad, makilahok sa pagsulong ng adbokasiya ng pamahalaan, at maging bahagi ng pag-unlad ng bayan. Sa kanyang karanasan bilang Mayor, alam niya na malaki ang impluwensiya ng isang barangay sa paglutas mga isyung pambansa. At sa bisa ng proklamasyong ito, nawa'y ating alalahanin na tayo ay may kakayahang maging bahagi ng iba't ibang usaping pangkaunlaran na kung titingan sa ibang angulo,

ay kaya nating solusyonan dito pa lamang sa ating barangay— ang kailangan lang ay ating partisipasyon at pagkukusa.

Isang magandang halimbawa ang suliranin ng ating bayan sa basura. Nabalitaan niyo naman siguro kung ano ang naging bunga ng dedikasyon at sakripisyo ng ating mamamayan upang malinis ang Manila Bay at maisakatuparan ang rehabilitasyon ng Boracay. Ang pagpupulot ng isang piraso ng basura, at tamang pagbubukod ng mga nabubulok, *recyclable* at *reusable* ay magiging epektibo kung lahat ay kikilos at magtutulungan. Patuloy ang programa ng gobyernong protektahan ang kalikasan, kaya ating simulan ang pakikiisa sa programang ito sa sarili nating mga bakuran.

Sa isyu ng *Disaster Preparedness*, siguraduhin din natin na ang bawa't isa'y handa ano mang sakuna o kalamidad ang dumating. Bilang mga opsiyal ng barangay, alam niyo ang paraan kung paano makipag-ugnayan sa *municipal* o *city government* upang mapunan ang mga kakulangan sa *disaster preparedness equipment, supplies* at *infrastructure*. Sa tulong ng impormasyong galing sa National Government Agencies, matutukoy ninyo kung ano ang magiging epekto ng mga sakunang ito sa inyong mga nasasakupan bago pa man ito mangyari. Para naman sa ating mamamayan, unawain natin ang abiso ng ating mga opsiyal, lalo na kung tayo ay hinihimok nang lumikas tuwing may bagyo para na rin sa ating kaligtasan.

Kasama na sa mga suliranin ng lipunan na maaari nating mapag-usapan at matugunan sa antas ng barangay ay ang matagal nang problema sa korapsyon. Naglatag na ang ating pamahalaan ng ilang mga programa upang wakasan ang mga hadlang sa malinis at tapat na pamamahala. Nariyan ang Bantay Korapsyon program na hinihikayat ang lahat ng mamamayan at ang mga *Civil Society Organizations* na magsumbong sa Hotline 8888, sa Presidential Complaints Center, at kahit sa mga makabagong pamamaraan tulad ng email at social media. Wala

tayong pipiliin ano man ang katayuan ng opisyal na mapapatunayang ginagamit ang kaniyang impluwensiya at pusisyon para sa kanilang personal na interes. At sa isyung ito, kayo ang aming inaasahan upang matukoy kung sinu-sino ang nagiging pabigat sa ating gobyerno. Makakaasa kayo na pananatilihin naming konpidensiyal ang lahat ng impormasyong aming matatanggap, at agad naming aaksyunan ang inyong mga ibabalita.

May biyaya namang kapalit ang pagsunod sa mga inaatas ng batas at sa mabuti at mahusay na paglilingkod. Ang DILG ay may programang Seal of Good Local Governance o SGLG na dati ay iginagawad lamang sa probinsya, lungsod at bayan. Sa pagkakataong ito, ibinababa na natin ang programang ito sa mga barangay dahil naniniwala kami na dapat ding kilalanin ang husay ng pamamahala sa antas ng mga barangay. Kaya ngayong taon, sisimulan na natin ang “Seal of Good Local Governance for Barangays”. Sa mga opsiyal ng barangay na narito ngayon, sikapin natin na mapabilang ang Barangay (Pangalan ng Barangay) sa mga magagawaran ng Seal of Good Local Governance ngayong taon.

Pagdating sa isyu ng kriminalidad at iligal na droga, marami nang nagawa ang ating pamahalaan upang masupil ang mga masasamang loob na patuloy na sumisira sa ating lipunan, ngunit tila hindi man lamang natin matumbok ang puno nito sa kabila ng lahat ng ating pagsusumikap. Hanggang ngayon, patuloy ang paglaganap ng iligal na droga at kriminalidad sa ating pamayanan. Pero maniwala kayo na sa barangay pa lamang ay malaki ang inyong papel sa pagsugpo ng mga suliraning ito.

Sa mga opsiyal ng barangay, pakilusin natin ang ating Barangay Anti Drug Abuse Council. Ipagpatuloy natin ang dayalogo kasama ang miyembro ng mga civil society organizations, mga simbahan, mga paaralan, sa sangguniang kabataan, at sa ating maaasahang kapulisan upang mapanatiling *drug-free* ang ating barangay. Simulan natin sa ating sarili ang pagiging alisto sa ating kapaligiran at isumbong natin ang ano

mang krimen na ating masasaksihan sa kinauukulan upang agad na maaksyunan.

Nais kong rin ipaalala sa lahat na seriyoso ang ating pamahalaan na sugpuin ang insurhensyang mahigit limang dekada na nating kinakalaban. Napakahirap nitong sugpuin dahil patuloy ang kanilang paghihimok sa ating mamamayan, lalo na sa ating mga kabataan, na pumanig sa kanilang makasariling layunin. Huwag nating sayangin ang napakagandang kinabukasan ng kabataang pilipino, at huwag natin kalimutan na may gobyerno na laging handang maglingkod para sa ikabubuti ng lahat.

At panghuli, ang pinaka-matinding suliraning kinakaharap ng ating bansa ngayon ay ang banta ng terorismo na walang pinipiling edad, kasarian, o estado sa buhay. Kilala ninyo ang mga miyembro ng inyong barangay, at madali ninyong mapapansin ang mga kahinahinalang tao at mga pangyayari na maaring hudiyat na nagsisimula na ang problemang ito sa inyong komunidad. Agad ninyong ipag-alam ang mga kahinahinalang aktibidad at mga taong ito sa inyong barangay upang kanilang mai-report at maaksyunan ng ating kapulisan.

Batid ko na malaking hamon ito sa ating lahat, pero naniniwala ako na ang lahat ng tagumpay ay nagsisimula sa isang maliit na hakbang. Payak man at tinaguriang pinakamaliit na yunit ng lipunan, ang barangay parin ang pinamalakas at pinakamarami. Hinihimok ko ang lahat na maging bahagi ng pag-unlad, at sa bawat hakbang, narito lang ang inyong pamahalaan, ang inyong lingkod, upang patagin ang landas na inyong tatahakin. Tulad ng tema ng Barangay Assembly 2019, sama-sama nating paunlarin ang ating barangay, at kalaunan, ang ating bansa.

Muli, maraming salamat, at magandang umaga sa inyong lahat.